

1

“Sobrang na-miss ko talaga ’tong mga pagkaing Pinoy. Sa Boston kasi wala akong kinain kundi burger at pizza, eh. Super busy kasi ako sa grad school, wala akong time magluto,” pahayag ng twenty-eight-year-old na si Alexie Montecillo na kauuwi lamang mula sa Amerika kung saan siya kumuha ng MBA sa *Harvard University*. Kaya buo ang kanilang maliit na pamilya para sa dinner na iyon sa mansion. Naroon ang amang si Don Ramon, ang inang si Doña Helena at ang nakababatang kapatid na si Cholo.

“Hindi bale, hija. Now that you’re back here, ipagluluto kita mismo ng mga paborito mong Pinoy foods,” pangako ng kanyang ina.

“By the way, hijo, how are things at the company? How does it feel to be the new CEO of *RM Corporation*?” pagbabaling ni Don Ramon ng usapan sa bunsong si Cholo na paborito nito.

“What new CEO?” pag-uulit ni Alexie na biglang binalot ng pangamba ang kanyang magandang mukha. “Dad, did you just name Cholo as the new CEO of our company?”

“Yes, I did,” diretsahang sagot ng sixty-five-year-old business magnate.

“Pero... pero ako ang panganay. I’ve been working and studying so hard to prepare for that position. I’m the *summa cum laude* of my batch at *Ateneo*. I’ve got an MBA from *Harvard*. Hindi ba mas deserving ako kaysa kay Cholo for that position?”

“Don’t you dare question me about my decision, Alexie. I know what I’m doing,” mariing tugon nito.

Hindi maipaliwanag ang sakit na nadama ni Alexie. Noon pa man ay madalas na paboran ng kanyang ama ang bunsong kapatid and this always gave her tremendous pain. Ilang sandali pa ay nakaramdam na siya ng pagbabadya ng pag-agos ng luha, kaya bago pa masaksihan iyon ng buong pamilya ay minabuti niyang lisanin na ang hapag kahit hindi pa tapos sa kinakain. Nagmistulang bingi siya sa pagtawag ni Doña Helena sa kanyang pangalan.

Diretso lang siya sa pag-akyat hanggang sa makarating sa kanyang silid. Ang buong akala niya, sa paglipas ng dalawang taon ay matitigil na rin ang pagbabalewala sa kanya ng kanilang ama ni Cholo, pero nagkamali pala siya.

Ano ba'ng ginawa ko, Dad, to deserve this kind of treatment from you?

“Hanggang ngayon ba hindi ka pa rin nasasanay sa daddy mo?” balik ni Jeisel matapos marinig ang mga hinaing ng pinsang si Alexie na nagtungo sa bahay nito isang umaga. “Alam mo namang walang nakikita ’yon kundi ang unico hijo niya!” dagdag pa nito habang binubuhat ang isang taong gulang na anak mula sa kuna.

“Akala ko kasi sa paglipas ng panahon, magagawa na rin niya akong ma-appreciate. I’ve been away for two years, I’ve been working my ass off sa grad school, pero bakit parang wala pa rin siyang pakialam? Bakit si Cholo pa rin ang mas binibigyan niya ng halaga sa kumpanya? He could barely pass his subjects when he was in *La Salle*!” patuloy pa ng dalaga matapos uminom ng kapeng inihanda ng kausap.

“Hay naku, Alexie! Pabayaan mo na nga ’yang daddy mo. Huwag ka nang magpaapekto sa kanya! Tingnan mo ’yang itsura mo sa salamin; n’ung bagong dating ka’y super fresh ka pa, ngayon para kang tumanda kaagad nang ten years!” ani Jeisel habang hinehele ang anak. “Just tell me about your love life in the States,” curious nitong banggit.

“Ano bang love life? Napaka-busy ko sa pag-aaral, sa tingin mo ba magkakapanahon pa ako para sa ganyan?”

“My God, Alexandra! Beinte-ocho ka na! Malapit ka nang mawala sa kalendaryo. Huwag mong sayangin ang kagandahan mo. Papasukin mo na d’yan sa puso mo kahit isa man lang sa mga lalaking pumipila sa ’yo.”

Tunay ngang ligawin si Alexie. Sino bang lalaki ang hindi mabibighani sa mala-diyosang kagandahan ng 5’8” mestiza. With her gorgeous long brown curly hair, almond-shaped brown eyes, high patrician nose and sexy pouty lips, she never failed to capture the attention of anyone. She’s an ultimate standout kahit saan siya magpunta, but she was totally oblivious to it.

“Bakit ako kukuha ng batong ipupukol sa ulo ko? Kalokohan lang ’yang mga relasyon na ’yan. I don’t need that in my life. I have my career and that’s all that matters.”

“Hay naku, bahala ka na nga! Basta heto lang ang masasabi ko sa ’yo, balang araw mare-realize mo ring totoo ang sinasabi ko. You may become very successful in your career, but you will find yourself feeling empty ’cause you don’t have anyone to share

your life with.”

“I don’t need anyone to share my life with. I’m happy being alone.”

“Cholo!”

“Ano na naman ang problema mo, Ate, at para kang tigreng sumusugod d’yan?” balik ng binata matapos bitawan ang mga dokumentong binabasa sa ibabaw ng mesa nang pumasok sa silid ang kapatid nito.

“Bakit mo hinayaang makawala sa team natin si Marco Dionisio? How can we still have the chance to win the championship if we don’t have our star player anymore?” nakapamaywang na tanong ni Alexie habang nakatayo sa harapan ng lamesa nito.

“Relax ka lang d’yan, Ate. Marco is old news. Meron akong kinukuha ngayong bago. Mas malakas at mas magaling kay Marco. He’s a Fil-Am who got vast experience in international basketball leagues,” pagbibida ni Cholo. Kabilang ang *RM Corporation* sa mga koponang naglalaro sa *Manila Basketball League*. The name of their team was *PowerBeer Masters* which represented their famous beer product.

“Fil-Am? Magkano naman ang in-offer mo?”

“Twenty million for a one-year contract.”

“Are you crazy? Twenty million pesos for a player na hindi pa nga natin napapatunayan ang performance!”

“He’s good, I saw him play when I was in Seattle two months ago. He’s really good. Way better than Marco Dionisio,” kalmadong pahayag ni Cholo who was a spitting image of their father. He’s tall with broad shoulders and long and lean limbs.

“You’d better make sure that this guy is worth it or else...”

“Or else what, Ate?” nakangising tanong nito na biglang napadiretso ng upo sa silya. Although mayroon silang sibling rivalry ni Alexie, hindi naman iyon dinidibdib ng binata. He wanted to build a closer relationship with her, kaso nga lamang ay parating pumapagitna sa kanila ang issue ng favoritism ng kanilang ama.

“Or else patutunayan mo lang naman na hindi ka talaga karapat-dapat sa posisyon mo!” huling sinabi ng dalaga bago nilisan ang silid nito.

Hindi pa man nagaganap ang contract signing, nagsimula nang mag-practice si Doug Cervantes kasama ang *PowerBeer Masters*. Nagsimula na rin siyang maka-establish ng rapport sa magiging teammates. Hindi naman kasi mahirap makasundo si Doug, very humble and friendly kasi siya. Nagsimula na ring dumagsa ang mga female fans sa venue kahit practice pa lamang.

Unang beses pa lamang kasing lumabas sa media ang basketball standout ay pinagkaguluhan na kaagad ng kababaihan. Sino ba ang hindi mababaliw sa 6'2" drop-dead gorgeous na Filipino-American? His clean-cut, golden boy looks could make him pass for a Hollywood movie star.

Patapos na ang practice session at nagkakatuwaan na lang ang magkaka-teammates. Napagkasunduan nila na kung sino ang makaka-miss out of three consecutive free throw shots ang siyang manlilibre ng lunch sa buong team. Pumayag naman ang lahat ng players. Lahat ay naka-three out of three. When it was Doug's turn, he was confident that he would be making all of the shots. Shooter kasi siya and he's taking four hundred free throw shots a day to practice his skills.

Nagawa niyang ipasok ang unang shot, pero nang

ibabato na niya ang pangalawa ay bigla siyang nawala sa focus. His eyes strayed on a beautiful woman who walked so gracefully toward the bleachers and sat directly in the ring's direction. It was like time had stood still for him as he saw how the woman stared at him in an interested yet still very dignified manner.

“Oh, man! You missed!” kantiyaw ng teammate na si Jojo.

“Totoo ba 'to? Si Doug Cervantes, naka-miss ng free throw shot?” bulalas din ng labis na nabiglang si Peter.

Doon na natauhan si Doug nang marinig ang pang-aalaska ng mga teammates. He tried his best to focus on making the final shot. But still, the presence of the woman in front of him kept on distracting him. Pinilit niyang ituon ang buong atensyon sa pag-shoot ng bola, pero sadyang napakabilis ng kanyang pulso at hindi na naman nagawang ipasok ang bola.

“Oh, no! Two missed shots! What's happening to you, dude?” nagtataakang tanong ng kapwa Fil-Am na si Gerard.

Alam ni Doug ang dahilan ng nangyayari sa kanya. And it's all because of the mysterious lady sitting in front of him na hindi pa rin niya matantanan

ng tingin. Kung hindi pa ito tumayo at lumabas ng area ay hindi pa siya matatauhan.

“Hoy! Sino ba ’yang tinitingnan mo d’yan?” tanong ni Peter habang sinusundan din ng tingin ang direksyon ng kanyang mga mata.

“Do you know that woman?” tanong niya.

“Ah, ’yung magandang babaeng nakaupo kanina sa tapat mo?” balik nito.

“Yup, do you know her?” Biglang nanlaki ang mga mata niya sa anticipation.

“Hindi, eh,” napakamot-ulong sagot ni Peter.

“Babae lang pala ang makakapagpawala ng focus mo sa laro, eh. Naku! Hindi dapat malaman ’to ng mga kalaban natin at baka painan ka ng magagandang babae sa bawat game!” ani Jojo.

Sa kabila ng mga kantiyawang pumapalibot sa binata ay tila wala siyang naririnig. His mind was still with the lady who captured his attention earlier.

Whoever you are, I have to know you...

“Yun ba ’yung Doug Cervantes na ipinagmamalaki n’yo ni Cholo, eh, ni free throw nga hindi ma-shoot!”

reklamo ni Alexie nang puntahan sa opisina ang coach ng *PowerBeer Masters* na si Ernie Angeles.

“The guy may just be tired, kaya hindi niya na-shoot ’yung free throws. Apat na oras rin kasi kaming nagte-training kanina,” sabi ng beteranong coach. Kahit noong si Don Ramon pa ang CEO ng korporasyon ay ito na ang coach ng kanilang koponan. Their basketball team was a big part of their business, kaya ganoon na lamang din ang focus ni Alexie rito.

Pero hindi pa rin siya makumbinsi. “Ah, basta I don’t believe in that guy! We’re just wasting twenty million pesos on him!”

“Hija, give the guy a break. Panoorin mo muna siyang maglaro before you dismiss him,” malumanay na payo ni Ernie sa dalagang kung ituring ay para na ring anak. Dahil matagal na nitong kaibigan si Don Ramon ay nasaksihan na nito ang pagdadalaga ni Alexie.

“That guy better prove himself well dahil kung hindi, gagawa talaga ako ng paraan para alisin siya sa team!”

Kahit pa ilang oras na ang lumipas magbuhat nang makita niya ang misteryosang babae ay hindi

pa rin ito mawala sa isipan ni Doug. Even while he was hanging out at the bar with his teammates, his mind was still on her. He still could not forget her beautiful face.

“You’re Doug Cervantes, right?” tanong ng isang babaeng mala-modelo ang dating.

“Ah... yeah, I am,” distracted niyang kumpirma.

“Would you like to dance?” yaya pa nito.

Normally, mabilis pa sa alas kuwatro ang pagpayag ni Doug sa mga ganoong sitwasyon. Pero noong mga sandaling iyon ay wala siyang maramdamang gana. “I’m sorry. As much as I would like to dance with a lovely lady like you, my foot is unfortunately injured right now,” pagsisinungaling niya para hindi ma-offend ang kausap.

Nagkibit-balikat lamang ang babae at umalis na.

“Anong injured? Eh, ang bilis-bilis mo pa ngang tumakbo kanina,” sabi ng katabing si Peter nang makalayo ang babae.

“Wala ako sa mood sumayaw,” sagot niya. Kahit lumaki sa States ay marunong pa rin mag-Tagalog ang binata. Sa bahay kasi nila ay sinasanay siyang mag-Tagalog ng ama at ina na kahit purong Amerikana ay

natuto na ring mag-Tagalog dahil sa Filipino husband.

“Dude, are you blind? That girl’s so hot! How can you not be in the mood to dance with her?” naguguluhang tanong ni Gerard.

Hindi na nakahirit pa ang binata matapos dumaan ang isang babae na sa tingin niya ay ang nakita noong hapon sa basketball gym. Without thinking, tumayo siya at sinundan ito.

I am being given a second chance to see her, hindi ko na dapat palampasin ito. I gotta know her! isip niya habang nararamdaman ang pagbilis ng tibok ng puso sa paglapit dito. When finally he was able to get near her and see her, doon niya na-realize na hindi pala ito ang babaeng nakita niya sa court. From afar kasi ay magkahawig ang dalawa with their long brown curly hair, height and curvaceous body, pero nang makita niya ang mukha nito ay napatunayan niyang hindi iyon ang hinahanap.

“Yes?” tanong ng babae.

“Oh, I’m sorry I thought you’re the one I was looking for,” sabi niya na naghahanda na sanang bumalik sa puwesto nila nang maramdaman niya ang pagkapit nito sa kanyang braso.

“You’re Doug Cervantes, di ba?” tanong nito na

mababakas sa mukha ang excitement.

“Y-yeah,” hesitant niyang sagot.

“Would you like to dance?”

Tulad ng sagot niya kanina sa naunang babaeng nagyaya sa kanya na sumayaw, idinahilan niya ang kunwaring pilay.

“Sino ba ’yung chick na sinundan mo? Kilala mo ba?” tanong ni Jojo nang makabalik na siya sa upuan.

“Hindi, akala ko lang she was the girl I saw earlier sa practice,” sabi niya saka uminom ng beer.

“Talagang ang lakas ng tama mo sa chick na ’yon, ah. Hanggang ngayon hindi mo pa rin siya makalimutan,” napapailing na sabi ni Peter.

“Yeah, nahiiwagaan na nga rin ako sa sarili ko. I don’t know what’s with that girl that I can’t get her off my mind,” naguguluhan na ring sabi ni Doug. “Basta malakas ang pakiramdam kong we’ll see each other again.”

2

Dumating na rin ang araw ng contract signing ni Doug na ginanap sa isang restaurant sa Makati. Sa pagpasok pa lamang niya sa venue ay sinalubong na kaagad siya ng mga press people. With his dad beside him, they struggled to make their way inside until they heard a male voice calling out Doug's name. It was the CEO, Cholo Montecillo.

“Hindi ka pa naglalaro niyan, Doug, pero pinagkakaguluhan ka na kaagad ng mga press!” bati ni Cholo nang makarating na sila sa kinalulugaran nito sa gilid ng silid.

Napakamot lang ng ulo ang basketball standout. Kahit pa madalas naman siyang pinagkakaguluhan ng mga press at fans ay hindi pa rin talaga siya masanay-sanay.

“Oh, by the way, here's someone I would like you to meet,” banggit ni Cholo. “This is my sister, Alexie Montecillo; she's the Chief Operating Officer of our company...”

Tila nalaglag ang panga ni Doug nang makilala kung sino ang kaharap. *Totoo ba talaga ito? Am I not*

dreaming? Or maybe nagha-hallucinate na ako!

“Doug, Doug, are you still there?” napapangising pagtawag ni Cholo sa kanyang atensyon.

Kung hindi pa siya pasimpleng siniko sa tagiliran ng kanyang ama ay hindi siya matatauhan. “Oh, it’s my honor to meet you, Miss Montecillo,” aniya, sabay lahad ng kamay na tinanggap naman ng dalaga. Parang may kuryenteng biglang dumaloy sa kanyang buong katawan sa pagdikit pa lamang ng kanilang mga palad. Ayaw na nga niyang bitiwan ang malambot na kamay nito, kaso naunang bumitaw si Alexie. “You’re the reason I missed those shots,” hindi na niya napigilang idagdag.

“Excuse me?” napataas-kilay na balik ni Alexie na lalong lumitaw ang pagiging sopistikada at glamorosa sa suot na figure-hugging, above-the-knee red dress. Just like Doug, she’s a total head-turner sa silid na iyon, but she remained oblivious to all the attention as her mind was focused on the contract signing that’s going to happen.

“Ah... hindi ba last time you were at the gym watching our practice? Nakaupo ka pa nga sa direction ng ring kaya I got distracted by your beauty and I missed the shots,” walang prenong pagpapalabas ni Doug ng saloobin. Hindi niya maintindihan ang sarili;

normally naman ay cool na cool siya pagdating sa pakikitungo sa mga babae. Pero pagdating kay Alexie ay nagmistula siyang isang schoolboy na nakita ang kanyang ultimate crush. His heart raced so fast and he could not control the words coming out from his mouth.

Manunukso na sana si Cholo nang lapitan sila ng organizer ng event at sinabing magsisimula na ang contract signing. Pinaupo sa gitna ng stage ang basketball star habang pinagigitnaan ng magkapatid na Cholo at Alexie. Hindi na namalayan ni Doug ang sumunod na mga pangyayari. All he knew was that he made the best decision of his life when he chose to be a part of the *PowerBeer Masters*.

“Mukhang malakas ang tama sa ’yo ni Doug Cervantes, ah!” kantiyaw ni Cholo nang makasakay na sila ng kotse pabalik sa opisina. “Nawawala sa sarili habang kaharap ka, eh.”

“Nagpapapaniwala ka naman d’un! Ang mga ganoong tipo ng lalaki, sanay mambola ’yon,” napapailing na sabi ni Alexie na katabi ang kapatid sa likurang upuan ng *Mercedes-Benz* na minamaneho ng kanilang driver.

“Ate, lalaki rin ako. Alam ko kung ano ang itsura ng isang lalaking tunay na tinamaan sa isang babae. That guy was so lost! And did you see how he was during the contract signing and the way he answered the questions of the press? Halatang lutang dahil sa 'yo!”

Napasimangot siya. “Baka naman drug addict 'yan kaya lutang. You'd better watch over him, baka mamroblema tayo d'yan.”

“Hay naku, Ate! hanggang kelan ka ba iiwas sa mga lalaki? Allow yourself to fall in love nang mawala na 'yang kasungitan mo!”

“Bakit ba masyado kang pakialamero? Bakit ba hindi na lang 'yang trabaho mo ang intindihin mo nang may magawa ka namang mabuti?”

“Kasi naman concerned lang ako sa 'yo. It's been what? Five years since the last time you fell in love?”

“I don't need a man in my life. Sagabal lang ang mga 'yan sa buhay ko. I am perfectly fine being on my own,” pahayag niya.

Kahit hindi lubusang kumbinsido, hindi na nangulit pa si Cholo. “Okay, sabi mo eh...”

“Guess who got so smitten earlier with his boss,” may panunuksong banggit ni Mr. Jun Cervantes nang magkasalo-salo ang buong pamilya nang gabing iyon sa hapag.

Napansin ni Doug na nakatuon ang mga mata ng lahat sa kanya. “What?” pagkuwa’y patay-malisya niya.

“Hoy, huwag kang loloko-loko d’yan sa boss mo at baka mapatalsik ka ng team!” babala ng ate niyang si Ella.

“Hindi na ako magloloko. I’m serious. I really like Alexie Montecillo,” tahasan niyang pagdedeklara. “Hindi ko alam kung ano ba’ng meron siya basta ang alam ko lang unang beses ko pa lang siya nakita, she’s the girl for me.”

“Wow, my son is in love!” natutuwang sabi ng ina na si Sheila na matagal na ring ipinagdarasal na magseryoso na ang anak sa isang babae.

“I won’t deny it, Mom, I think I’m in love with her,” walang pag-aalinlangang pag-amin niya.

“Tito, what’s in love?” tanong ng limang taong gulang na pamangkin na si Jiro na nakaupo sa tabi ng ina nitong si Ella.

“Jiro, in love is finding the girl that makes you smile and makes you want to be by her side all day,” paliwanag niya.

“Oh, I am in love, too! With Chloe!” deklara ng bata na biglang nagliwanag ang mga mata.

“Who’s Chloe?” tanong ng Lola Sheila nito.

“It’s his classmate na super crush niya. Noong Valentine’s nga nagpabili pa siya sa akin ng rose para ibigay kay Chloe,” napapailing na kuwento ni Ella. “Tingnan mo, mana sa ’yo ’yang pamangkin mo! Chickboy!” baling nito sa kapatid.

“Excuse me, hindi na po ako chickboy,” depensa ni Doug sa sarili. “Now that I’ve found Alexie, I don’t need to look for any other woman anymore...”

Nagsuot ng nightgown si Alexie matapos niyang mag-shower, pagkuwa’y naupo siya sa tapat ng desk sa dulo ng silid. Sa pagbukas ng *MacBook* ay biglang pumasok sa kanyang isipan ang naging pagkikita nila ni Doug Cervantes noong tanghali sa contract signing. She had to admit she found him attractive. With his boyish good looks, height that was the envy of most men and perfectly toned body, no wonder he’s an ultimate heartthrob. Pero pinaalalahanan pa

rin niya kaagad ang sarili na huwag magpadala sa mabubulaklak na salita nito.

For all you know, he tells that to all the women he meets!

Magsisimula na sana siya sa pagtatrabaho nang maisipan niyang i-search sa *YouTube* ang pangalan ni Doug. Curious siyang malaman kung bakit marami ang nababaliw sa lalaking ito. Matapos ang nakitang pagsablay nito ng shots sa practice ay hindi pa rin siya makumbinsi sa galing nito.

Just when she was watching one of his games in the American league where he came from, biglang bumukas ang pinto ng kanyang silid. Kaagad niyang isinara ang laptop sa pangambang ang kapatid niya iyon. Hindi niya gustong makita nitong pinanonood niya si Doug dahil siguradong tutuksuhin siya nito. Pero hindi iyon si Cholo, it was their mom. Napansin niyang balisa ito at mangiyak-ngiyak.

“What’s wrong, Mom? Inaway ka na naman ba ni Daddy?” tanong niya ukol sa bagay na madalas na mangyari sa mga magulang.

“Alexie, your brother...” panimula nito sa garalgal na tinig.

Doon na nakaramdam ng pangamba ang dalaga.

“Why, Mom? W-what happened to Cholo?”

“Naaksidente siya sa motorsiklo...”

Napasugod sa *Makati Medical Center* si Alexie at ang mga magulang. Hindi pa man nagsasalita ang doktor ay basa na niya sa reaksiyon ng mukha nito na hindi maganda ang maririnig nilang balita mula rito.

“I’m sorry... Cholo didn’t make it...”

Pagbitiw ng manggagamot sa mga salitang iyon ay nangibabaw ang panaghoy ni Don Ramon sa buong emergency room. Samantalang si Doña Helena naman ay humihikbing napayakap sa tulalang si Alexie.

Noong mga sandaling iyon ay pinipilit ng dalaga na isiping isang masamang panaginip lamang ang lahat. Pero nang dalhin na sila ng doktor kung saan nakaratay ang walang buhay na katawan ng duguang si Cholo, doon na naging totoo ang lahat para kay Alexie. She was hit with the reality that her only brother was gone.

Kahit pa marami silang naging issues noong buhay pa ito, still, Cholo’s her brother and she loved him so much. It’s never easy for her to accept such a deep loss.

3

Sa pagsapit ng araw ng libing ni Cholo, nagdagsaan ang mga prominenteng tao mula sa alta-sociedad. Bawat isa ay nagpahatid ng pakikiramay sa buong pamilya Montecillo lalo na kay Don Ramon na hindi halos makausap. Hanggang sa mga sandaling iyon ay hindi pa rin nito matanggap ang pagkawala ng pinakamamahal at paboritong anak.

Nang inanunsyo na ang tungkol sa huling pagsulyap sa mga labi ni Cholo, lumapit ang ginoo sa kabaong nito at doon ay muling nagpakawala ng panaghoy. Napatayo na si Alexie mula sa kinauupuan at nilapitan ang kanyang ama. She tried to comfort him, but he just pushed her away. Nakaramdam siya ng pagkapahiya lalo pa at nasaksihan iyon ng napakaraming tao. Akmang lalayo na ang dalaga nang lapitan siya ni Doug na hindi niya namalayang naroroon pala.

“Are you okay, Alexie?” tanong nito with concern written all over his face.

Bago pa man tuluyang tumulo ang kanina pa nagbabadyang luha ay inalis na ni Alexie ang braso mula sa pagkakahawak ng binata at naglakad palayo

rito. If there's one thing that she hated the most, it's being seen crying by other people.

Sa pagtungo sa sasakyan, dala-dala pa rin niya ang sakit na idinulot ng kanyang ama.

Alam ko, Dad, that you're wishing na ako na lang ang namatay at hindi si Cholo. How I wish ako na nga lang ang nakahiga sa kabaong na 'yan nang matigil na rin ang sakit na nararamdaman ko...

"Nagpunta ka pala sa libing ni Sir Cholo, kumusta naman si Ma'am Alexie?" tanong ni Peter habang tumatakbo sila sa treadmill. Pagkatapos ng funeral service ay dumiretso na si Doug sa gym.

"Nakakaawa nga siya. She tried to comfort her dad, but he pushed her away," paglalahad niya.

"Eh, di napahiya siya sa harap ng mga tao?"

"Oo, she was about to walk away when I asked if she's okay. Hindi siya sumagot, but I could see she's fighting back her tears. Noong time na 'yon gustong-gusto ko na siyang yakapin, I wanted to take away her pain, pero lumayo kaagad siya."

"Mukhang mahihirapan ka talaga kay Ma'am Alexie, pare. Masyadong mailap, eh."

“Handa akong maghirap,” desididong binitiwang ng binata. “I’ll do everything I can to prove to her na ako ang lalaki para sa kanya.”

Dahil bakante na ang posisyon ni Cholo, kinailangan na magdesisyon ng board of executives ng *RM Corporation* kung sino na ang magiging bagong CEO. Hindi pa handa si Don Ramon na harapin ang tungkol sa bagay na iyon, pero alam nitong kailangan na iyong gawin para makagalaw nang maayos ang korporasyon.

Samantala, sa gitna ng pagdadalamhati ng dalaga sa pagkawala ng kapatid ay nagkaroon siya ng bright spot sa buhay. Dahil wala na si Cholo, siya na ang next in line sa posisyong matagal na ring inaasam. Pero sa narinig niyang pag-endorso ng ama sa kapatid nito na si Ben ay tila biglang gumuho ang kanyang mundo.

“I’m sorry, I don’t think I can be considered for the position. I am retiring soon,” tahasang inanunsyo ni Ben. “I think the person who should rightfully replace Cholo is none other than Alexie. She has the experience and educational background that will make her suitable for the position of CEO.”

Muling nabuhayan ng loob ang dalaga sa mga narinig mula sa kanyang tiyuhin. He had always been very supportive of her. Kung minsan nga pakiramdam niya ay mas may malasakit pa ito sa kanya kaysa sa sariling ama.

Alam na alam niya ang panunubok ni Don Ramon na harangin ang kanyang pagkakatalaga bilang bagong CEO. Pero sa bandang huli ay hindi rin nasunod ang gusto nito dahil karamihan sa mga miyembro ng board ay bumoto sa kanyang pabor.

“O, hindi ba ito ang pinakaaasam-asam mo na maging CEO ka ng kumpanya ninyo? Bakit lulugolugo ka pa rin d’yan?” naguguluhang tanong ni Jeisel nang yayain siyang mag-lunch ng pinsan sa isang mamahaling Italian restaurant.

“Siyempre alam ko kasi na kaya ko lang nakuha ang position na ’to ay dahil nawala si Cholo. Even if we had a lot of differences before, I love my brother. And I miss him so much,” saad ni Alexie na mababakas sa magandang mukha ang matinding kalungkutan.

“We all miss him so much,” pagsang-ayon ni Jeisel na kinakitaan na rin ng lungkot. “Kahit may pagkaloko-loko siya, he’s a kind and brilliant man.”

“And I’m sure Dad is suffering so much right now dahil wala na ang paborito niyang anak,” napabuntong-hininga pa niyang dagdag. “Kitang-kita ko kanina kung gaano niya pilit hinaharangan ang pagiging CEO ko. Mabuti na lang Uncle Ben and the rest of the board sided with me.”

“Huwag mo nang dibdibin ’yang daddy mo. Ang mahalaga ngayon ay mai-prove mo sa kanya na deserving ka para sa position na ’yan,” sabi nito, sabay itinaas ang basong may lamang red wine. “To many fruitful and successful years as CEO of *RM Corporation...*”

Kahit paano ay gumaan na rin ang kalooban ng dalaga. Hindi man niya makuha ang approval ng kanyang ama, kitang-kita naman niya kung gaano siya sinuportahan at pinaniwalaan ng karamihan sa mga tao.

“Cheers!”

“Pare, narinig mo na ba ang balita? Si Ma’am Alexie na raw ang bagong CEO ng *RM Corporation!*” bungad ni Peter pagkakita pa lamang sa parating na teammate.

Akmang ibababa pa lamang ni Doug ang kanyang

gym bag sa bench nang bigla siyang matigilan. "Wow! I'm really happy for her. I know she deserves that position!"

"Talagang ang lakas ng tama mo kay Alexie, ah," napapangising sabi ni Coach Ernie na sumulpot mula sa dugout ng basketball gym.

"Sinabi mo pa, Coach! Patay na patay kaya 'tong si Doug kay Ma'am Alexie!" panggagatong pa ni Peter.

"Mahihirapan ka d'on," napapailing na turan ng matanda. "Alam mo ba na kung sino-sinong bigtime businessmen at anak ng politicians ang lumigaw, pero ni isa sa kanila wala siyang pinansin? Saksakan kasi ng suplada si Alexie."

"Coach, may nabalitaan ka bang naging boyfriend niya?" naiintrigang tanong ni Doug.

Napaisip ito saglit. "Sa tagal ng pagkakakilala ko sa batang 'yan, wala akong nabalitaan," sagot nito.

"Pare, baka naman chick rin ang gusto ni Ma'am!" hirit ni Peter.

"Sira-ulo! 'Yung gandang 'yon, tomboy?" hindi matanggap na balik ni Doug. "Choosy lang siya. But I'm gonna prove to her na ako ang lalaking nararapat para sa kanya..."

Matapos ang practice sa basketball gym na nasa basement ng gusali ng *RM Corporation*, nakaramdam ng gutom si Doug kaya nagtungo siya sa deli sa fourth floor. Katatapos pa lamang niyang magbigay ng order nang mapabaling ang kanyang tingin sa sulok na bahagi ng silid at doon ay nakita niya ang babaeng ilang araw na ring ninanais makita.

“Hi, Miss Alexie,” bati niya. Kahit pa pinipilit niyang maging cool at suwabe ay hindi pa rin niya maitago ang tunay na nadarama. Gayunpaman, wala na siyang pakialam kung magmukha man siyang schoolboy na nakita ang kanyang crush. All he knew was how glad he was to see her once again.

But it seemed that the feeling was not mutual. Kunot-noo siyang hinarap nito matapos pansamantalang inilihis ang mga mata sa kaharap na laptop. “Yes?” taas-kilay pang balik nito na mababakas sa mukha ang pagkairita sa istorbong kanyang idinulot.

Kung naging ibang lalaki siguro iyon, malamang tumakbo na sa katarayang ipinakita ni Alexie. But not Doug. Handa siyang harapin ang kahit ano makasama lamang ito. “May I sit here?”

Nagkibit-balikat lamang ang dalaga at saka muling itinuon ang mga mata sa laptop. Samantala, pumuwesto naman ang binata sa harapan nito.

“Congratulations pala, I heard you were named as the new CEO,” panimula niya ng small talk.

“Thanks,” sagot nito na hindi man lamang siya binalingan ng tingin.

Napahiling tuloy si Doug na sana naging laptop na lamang siya at baka sakaling magawa siyang titigan at pagtuunan ng labis na pansin ng magandang dalaga. Gayunpaman, hindi pa rin siya sumuko sa pagkuha ng atensyon nito.

“Bagay pala sa ’yo ang nakasalaman, lalo kang gumaganda at nagmumukhang matalino.”

Ngayon ay hinarap na siya nito. But her reaction was not something he hoped for. “Can’t you see I’m busy?”

“Oh, I’m sorry,” balik niya.

“Alam kong close kayo ng kapatid ko, pero magkaiba kami ng ugali. Hindi ko concern na makipagmabutihan sa mga taong nagtatrabaho para sa amin. Just do your job well and make sure that you’re worth all the damn money we’re paying you.”

Pagbitiw niyon ay isinara ni Alexie ang *MacBook* at nilisan ang kanilang lamesa.

Kahit hindi normally sensitive, hindi maiwasan ni Doug na makaramdam ng kirot sa mga narinig mula sa bagong CEO. Pero sa isang banda, naisip niyang tama naman ang sinabi nito.

Don't worry, I will not only be proving that I'm worth all the damn money you're paying me. I'll also prove that I'm the man you need in your life.

“Ma’am, nandito na po si Coach Ernie,” anang sekretarya ni Alexie na si Libby nang buksan nito ang pinto ng kanyang bagong opisina. Pumasok ang coach ng *PowerBeer Masters* nang papasukin ito ng babae.

Lumapit siya para salubungin ito. Matapos ang batian at kumustahan, naupo ang matanda sa couch sa harap ng malaking mesa ng dalaga.

“May problema ba, hija?”

“Wala naman po, Uncle Ernie, I just have a request for you,” sabi niya. “Please give me a championship.”

Ngumiti ito. “Hindi mo naman na kailangan pang hingin sa akin ’yan, hija, ibibigay ko talaga ’yan sa ’yo. That’s my job.”

“But it’s been three years since you were last able to give a championship to this team. I don’t want just promises anymore. I want you to deliver,” madiin niyang pahayag.

“Hija, naiintindihan kita. Just leave the game to us,” sabi ni Ernie na hindi naman dinibdib ang mga narinig mula sa dalaga. He knew she was under a great deal of pressure, hindi maiiwasang maging demanding siya. “Relax, don’t be too serious about everything. You’re young, enjoy yourself. Alam mo bang may isang player akong malakas ang tama sa ’yo? Do you know him?” may panunuksong dagdag pa nito.

Naparolyo lamang ang mga mata ni Alexie. Alam na alam niya kung sino ang tinutukoy nito. “Bantay-bantayan mo ’yang si Doug Cervantes. Make him focus on his game nang hindi naman masayang ang ibinabayad natin sa kanya.”

“Don’t worry, Doug Cervantes is so inspired right now. He would never disappoint you.”

4

“Good morning po, Ma’am,” bati ni Libby na tumayo mula sa puwesto nito nang dumating ang CEO ng *RM Corporation*. Lunes iyon nang umaga.

“What’s my schedule for today, Libby?” balik ni Alexie habang dire-diretso sa pagpasok sa loob ng kanyang opisina. Kalalapag pa lamang niya ng *Louis Vuitton* bag sa ibabaw ng lamesa nang madaanan ng kanyang mga mata ang mamahaling bulaklak na nakapatong doon. “Bakit may bulaklak rito?”

“Ah, may nagpadala po kanina, Ma’am.”

Napakunot ang noo niya. “Kanino galing?”

“Basahin n’yo na lang po ’yung card, Ma’am. I’m sure matutuwa kayo,” kinikilig na tugon ng sekretarya.

Sinubukan niyang hindi pansinin ang mga bulaklak, pero nang makaalis na ang assistant ay hindi na rin niya napigilan ang sarili. Kinuha niya ang card na nakapatong sa ibabaw niyon.

I hope this can make you smile.

Doug

Subalit imbes na mapangiti ay napasimangot ang dalaga. Kinuha niya ang mga bulaklak at itinapon sa basurahan kasama ng card.

Kung akala mo madadaan mo ako sa bulaklak, nagkakamali ka! Hindi ako ang tipo ng babaeng magagawa mong bolahin!

Nakasalubong ni Doug ang sekretarya ni Alexie nang palabas ito ng gusali.

“Nagustuhan ba ni Ma’am Alexie ‘yung mga bulaklak?” tanong kaagad niya nang makalapit sa babae.

Hindi malaman ni Libby kung aaminin ba ang totoo.

Napansin niyang hesitant ito. “Did she throw it away?”

“Pagpasensyahan mo na si Ma’am Alexie, may kasungitan lang talaga siya kung minsan. Pero mabait siya,” pagtatanggol nito sa CEO.

“I know she is, kaya nga hindi ako titigil ng kakasuyo sa kanya,” sabi niya. “Magla-lunch ka na ba? Let’s go, I’ll treat you.”

Kahit alam ni Libby na ang dahilan ng panlilibre rito ni Doug ay para makakuha ng impormasyon tungkol sa amo, pinagbigyan siya nito.

“So tell me something about your boss, what kind of music does she like?” umpisa ng lalaki habang hinihintay ang pagkain nila.

“Madalas niyang pakinggan ang mga songs ni Adele kapag nagtatrabaho siya o di kaya sa kotse, so I guess favorite niya ang singer na ’yon.”

Si Adele pala ang favorite niya, napatangong sabi ni Doug. “What about sports? Does she like sports?”

“Mahilig siyang mag-wall climbing, tennis. Saka nagyo-yoga rin siya.”

“I see... so ano pa’ng mga hilig gawin ng boss mo? Ano pa ang mga hobbies niya?” patuloy niya, determinado talagang pasukin ang mundo ng babaeng napupusuan.

“Well, just like most women, I guess mahilig siyang mag-shopping. Favorite niya ang mga branded shoes and bags tulad ng *Louis Vuitton, Prada, Gucci*,

Hermes. Grabe, nakakainggit talaga ang buhay ni Ma'am! She can have whatever and whoever she wants," napabuntong-hiningang sabi nito.

"Can I have your boss's number?"

Doon na natigilan si Libby. Umiling ito. "Sorry, Sir Doug. Kahit gaano ka pa ka-cute, hinding-hindi ko maibibigay sa 'yo ang number ni Ma'am Alexie. Siguradong papatayin niya ako pag nalaman niyang ako ang nagbigay."

Doug was not used to taking no for an answer, kaya ginawa niya ang lahat. He even used his famous charm on Libby makuha lang ang gusto. At tulad ng madalas nangyayari, in the end, he also got what he wanted.

"So, kumusta naman ang buhay CEO?" tanong ni Jeisel sa gitna ng kanilang pag-wall climbing nito.

Kahit gaano pa ka-busy ang schedule ni Alexie ay hindi maaaring mawala ang kanyang mga physical activities. Iyon na lang kasi ang kanyang stress reliever. "Stressful but I'm loving every minute of it," sagot niya habang inaakyat ang pinakamahirap na parte ng wall.

“Hi, Ma’am Alexie!”

Kapwa napatingin ang magpinsan sa pinanggalingan ng tinig sa kanang bahagi ng CEO. At halos mapatili si Jeisel nang makilala kung sino iyon.

“Doug Cervantes?” Nanlalaki ang mga mata nito sa tuwa.

“Yup, it’s me,” kumpirma ng basketball player. “You are...?”

“I’m Jeisel, Alexie’s cousin,” pakilala ng babae na parang isang fan na hindi pa rin mapigil ang kilig pagkakita sa ultimate idol nito.

“What are you doing here?” matabang na tanong ni Alexie.

“I wanna try wall climbing. I heard this is a good total body workout. Nakakasawa na kasi na puro sa gym lang. I wanna try something new,” pagkuwa’y sagot ng lalaki, pero ang totoo ay nalaman lang nito kay Libby na pupunta roon ang dalaga. “And it’s such a nice coincidence na nandito ka rin pala ngayon,” dagdag pa nito.

Pero may duda si Alexie na hindi iyon coincidence. Gayunpaman, ayaw niyang mamintang dahil wala

naman siyang ebidensya at baka mapahiya lang siya. Bago pa makapagsalita ng kung ano ay minabuti niyang bilisan na ang pag-akyat sa tuktok.

“Hoy, Lex! Bakit ka ba nagmamadali? Wait for me!” sigaw ni Jeisel.

Samantala, pinilit naman ni Doug na mahabol si Alexie. Pero dahil matagal-tagal na rin magbuhat nang huli nitong gawin ang wall climbing ay nakakaramdam pa ito ng paninibago. Nang sa wakas ay maabot na nito ang tuktok ay pababa na ang babae.

“Girl, mukhang malakas talaga ang tama sa ’yo ng lalaking ’yan, ah. Sinisimulan na niyang pasukin ang mundo mo,” bulong ni Jeisel nang kapwa na sila makababa ng pinsan at si Doug naman ay naghahanda na ring bumaba.

“Kahit ano pa’ng gawin niyang pagsubok, hinding-hindi niya mapapasok ang mundo ko,” napataas-kilay na sagot ng dalaga na kahit pawisan ay mukhang napaka-fresh at mabango pa ring tingnan.

“Bakit naman? Eh, mukha siyang mabait at sincere,” naguguluhang sabi nito.

“Lahat ng lalaki’y mabait at sincere sa simula, pero tingnan mo pagtagal-tagal ay lalabas rin ang

tunay na kulay niyan!”

“Ikaw talaga, napaka-bitter mo!”

“Hindi ako bitter, I’m just being realistic!”

Natigil ang pagtatalo ng magpinsan nang makababa na si Doug at sinamahan sila. “That was tough but good. I think I need to start doing this regularly para masanay ang katawan ko. Tuwing kelan ba kayo pumupunta rito?”

“Usually M-W-F kami rito ni Alexie, around this time din,” kaagad na sagot ni Jeisel.

“Gan’on ba? Would it be okay with you if I join you?” tanong nito.

“Oh, sure, no problem!” anang babae. “Right, Lex? Okay lang naman na sumama sa atin si Doug, di ba?”

Pero iba ang naging sagot ng CEO. “Hindi ba dapat nag-fo-focus ka sa basketball? Remember we’re paying you a lot of money, make sure you can bring us a championship.”

“Ang bagsik mong boss talaga, Lex! He’s working very hard naman, ah. I’ve been watching their games and he’s always been consistent in his performance, kaya hayaan mo si Doug na alisin muna ang utak niya

sa basketball kahit sandali,” pagtatanggol ni Jeisel sa basketbolista.

“Ah, baka nagugutom na kayo, would you like to have dinner? My treat,” offer ng binata na masaya dahil mukhang nasa panig nito ang pinsan ni Alexie.

“Sure! Nakakagutom ’tong wall climbing, eh,” pagpayag kaagad ni Jeisel. Kung puwede nga lamang makasugat ang mga tinging ibinibigay rito ng pinsan ay kanina pa ito duguan.

Wala na ring nagawa si Alexie kundi pumayag. After freshening up ay nagtungo sila sa restaurant na katapat lamang ng wall climbing center. Tahimik lang si Alexie habang si Jeisel naman ay walang preno ang bibig sa kakukuwento at kasasagot sa mga tanong ni Doug.

“Paano nga pala kayo naging magpinsan?” tanong nito.

“Magkapatid ang mga nanay namin,” sagot ni Jeisel.

“So how’s Ma’am Alexie while growing up? Has she always been this serious?” tanong muli ng basketball player.

“Naku, hindi! Akala mo lang serious siya, pero

marami rin siyang kalokohan. Minsan binigyan pa niya ng pampatulog ang guard nila sa mansion para lang makatakas siya at makipag-date! Super higpit kasi ng dad niya and she's not allowed to date, kasi during that time sixteen pa lang siya," pagbabahagi ni Jeisel.

Nasiko tuloy ito ni Alexie sa tagiliran with matching pandidilat.

"Wow! May pagka-daring ka pala when it comes to love, Ma'am Alexie," hindi napigilang nasabi ni Doug. He's happy that he was discovering another facet of the mysterious lady's personality.

"Ay, sinabi mo pa! Mukha lang seryoso itong pinsan ko, pero minsan na ring naging loka-loka sa pag-ibig."

"I think I'd better call Mang Pido, I wanna go home," singit ni Alexie na hindi na matagalan ang mga panlalaglag sa kanya ng pinsan.

"Ikaw naman para binibiro ka lang. Let's finish our food muna, nakakahiya kay Doug, o," sabi ni Jeisel.

Tinigilan na rin nito ang pambibisto sa pinsan dahil nakikita nitong napipikon na siya. Sa pagtapos ng kanilang pagkain ay eksakto namang nakatanggap

ng tawag si Alexie mula kay Mang Pido at sinabing nasiraan ito ng kotse kaya baka matatagalan pa bago sila masundo ni Jeisel. Nang marinig iyon ay nakakuha ng pagkakataon si Doug na mag-alok na ihatid na lamang sila.

“Thanks, but no need, Jeisel’s husband will pick us up,” sagot niya.

“Naku! Hindi tayo masusundo ni Mark. Nag-text siya sa akin kanina, late na daw siya makakauwi dahil may trabaho pa silang tatapusin. I think we should take Doug’s offer,” ani Jeisel.

Wala na ring nagawa si Alexie lalo pa’t halos magkumahog ang binata sa pagtungo sa parking lot.

“Ikaw, pinsan ba talaga kita? Kulang na lang ibenta mo ’ko sa lalaking ’yon, eh!” paninita niya nang makalayo na si Doug.

“Bakit ba hindi mo bigyan ng pagkakataon ’yung tao? Mukha namang sincere sa ’yo, eh!” ganti ng kausap.

“Sinabi ko na, lahat ng lalaki ay sincere lang sa simula. Pero kapag nakuha na nila ang loob mo ay lalabas rin ang tunay nilang kulay. Their real selves. Mga manloloko silang lahat!”

“Hay naku! Bitter like ampalaya. Tatanda kang dalaga niyan, eh.”

“Okay lang na tumanda akong dalaga kaysa may asawa nga ako, pero puro kunsumisyon naman ang aabutin ko.”

Natigil ang pagtatalo ng dalawang babae nang pumarada sa kanilang harapan ang kotse ni Doug. Nabuksan na ni Alexie ang likuran ng kotse, pero inunahan talaga siya ni Jeisel sa pagpasok doon at kaagad na isinara ang pinto. Wala na tuloy siyang choice kundi maupo sa harapan katabi ng basketball player.

Naku, ito talagang babaeng 'to, ang sarap patayin! nagngingitngit na saloobin ng dalaga habang tahimik na nakaupo sa tabi ni Doug. Ilang sandali pa ay pumailanlang ang tinig ng paborito niyang singer na Adele.

“O, Lex, favorite mo, *Chasing Pavements!*” na-excite na untag ni Jeisel.

“Talaga? Favorite mo 'yan? Me too! Actually, favorite ko si Adele,” magiliw na sabi ni Doug. Ang totoo, magbuhat nang malaman nito mula kay Libby na iyon ang paboritong singer ng dalaga ay pinakinggan na ng binata halos lahat ng awitin

nito. “Should I give up or should I just keep chasing pavements...” pagsabay nito sa awit.

“Don’t ruin the song, please,” seryosong turan ni Alexie.

Napatahimik bigla si Doug, sabay nagkatinginan sila ni Jeisel mula sa rearview mirror. Napatango na lamang ang babae rito bilang paghingi ng paumanhin sa asal ng pinsan.

Hindi nagtagal ay narating na nila ang townhomes complex na tinitirahan ni Jeisel hindi malayo sa wall climbing center. Nang maiwan silang dalawa sa loob ng kotse ay nakakabinging katahimikan ang bumalot sa kanila. Ganoon na lamang ang naging pagdarasal ni Alexie na sana ay hindi traffic para mabilis silang makarating sa kanyang tahanan. Pero tila abala ang Diyos sa pagdinig ng mga dalangin ng ibang tao at hindi Nito nadinig ang sa kanya, buhol-buhol na traffic ang sumalubong sa kanila paglabas ng EDSA.

Lihim namang nagdiriwang si Doug. For the first time na-appreciate nito ang traffic.

“I like this one, *Someone Like You*, ang bigat sa dibdib,” banggit nito nang tumugtog ang sunod na kanta.

Pero nanatiling walang kibo si Alexie na

nakatanaw lamang sa labas ng bintana. Kahit nagmumukhang tanga na ang pakiramdam ng binata ay hindi pa rin ito sumuko. He still tried to make small talks.

“So do you like reading books?”

Hindi pa rin sumagot ang dalaga bagkus inilabas niya mula sa loob ng bag ang *iPad* at nagsimulang magtrabaho.

“You seem to be a techie. You have tons of gadgets!” pansin nito.

Hindi na siya nakapagtimpi. “Can’t you see I’m working here?”

“I’m sorry,” sabi ng binata na itinuon na lamang ang atensyon sa pagmamaneho. Hanggang sa maihatid si Alexie ay hindi na ito muling sumubok na gumawa ng small talk.

Pagkatapos mag-shower ay binuksan ni Alexie ang kanyang laptop. While surfing the Internet, she chanced upon an article about the contract signing of Doug Cervantes with their team. Doon ay nakita niya ang picture nilang dalawa na magkatabi na hindi niya namalayang nakunan pala ng mga photographers. She began thinking about the way he’s been reaching out to her. She admitted to herself that there’s a

feeling of flattery also on her part, pero pinipilit niyang hindi i-entertain iyon. Kumbinsido kasi siyang isang bolero at chickboy ang basketbolista.

Kaagad niyang isinara ang website kung saan naroroon ang artikulo at ipinagpatuloy ang pagtatrabaho. Para sa kanya, mas mabuti pang mahalin niya ang trabaho kaysa sa lalaki dahil hindi siya magagawang saktan at iwan nito.